


# SIYA'Y MAGDARAAN SA DAANG ITO

 Manatili lang po tayong nakatayo pansumandali habang binabasa natin ang Salita ng Diyos. Iniisip ko tuloy 'yung pagpapakilalang 'yun, talagang dapat ngang mamuhay ako ng isang ehemplong buhay para isabuhay 'yun, hindi po ba? Yung lalaking 'yun na nagmamahal sa inyo. Dito po sa Aklat ni San Lucas, sa ika-19 na kabanata, nais ko pong basahin ang isang bahagi lamang ng Kasulatan, ang unang limang talata nito.

*At si Jesus ay pumasok at nagdaan sa Jerico.*

*At narito, isang lalake na tinatawag sa pangalang Zaqueo; at siya'y may...siya'y isang puno ng mga maniningil ng buwis, at siya'y mayaman.*

*At pinagpipilitan niyang makita si Jesus kung sino kaya siya; at hindi siya mangyari dahil sa maraming tao, sapagkat siya'y pandak.*

*At tumakbo siya sa unahan, at umakyat sa isang punong kahoy na sikamoro upang makita siya: sapagka't siya'y magdaraan sa daang yaon.*

*At nang dumating si Jesus sa dakong yaon, at siya'y tumingala, at nakita siya, at sinabi sa kanya, Zaqueo, magmadali ka,...bumaba ka; sapagka't ngayo'y kinakailangang ako'y tumuloy sa bahay mo.*

*At siya'y nagmadali, bumaba, at tinanggap siyang may tuwa.*

*At nang makita nila ito, ay nangagbulongbulungan...lahat, na nangagsasabi, Siya'y pumasok na nanunuluyan sa isang tao na makasalanan.*

*At si Zaqueo ay nagtindig, at sinabi sa Panginoon; Narito, Panginoon, ang kalahati ng aking mga pag-aari ay ibinibigay ko sa mga dukha; at kung sakali't nakasingil akong may daya sa kanino mang tao, ay isasauli ko nang makaapat.*

*At sinabi sa kanya ni Jesus, Dumating sa bahay na ito ngayon ang pagkaligtas, sapagka't siya'y anak din naman ni Abraham.*

*Sapagka't ang Anak ng tao ay naparito upang hanapin at iligtas ang nawala.*

Manalangin tayo.

<sup>2</sup> Ama naming Makalangit, kami po'y nagpapasalamat sa Iyo, sa umagang ito, dahil Iyong pinagsusumikapan pa rin na iligtas ang mga anak ni Abraham, na mga nawawala. Dalangin ko po, Makalangit na Ama, na Iyo pong tatanggapin ang panalangin naming may kapakumbabaan at pagpapalain ang pagtitipon naming ito sa aming pagsasama-sama sa dakong ito ngayon. At nawa'y di po ito mauwi sa walang kabuluhan, bagkus ay ituro nawa sa amin ng dakilang Espiritu Santo ang daan ng Buhay, na malaman namin ito, na kami'y tatayo sa Kanyang Presensya isang araw, upang ipagsulit ang anumang ginawa namin sa buhay na ito. Iyo pong pagpalain kami na nagkakasama-sama ngayon habang kami'y tuluy-tuloy lang sa paghihintay sa Iyo. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Maaari nang umupo.

<sup>3</sup> Ako'y tunay ngang nagagalak na may mga kaibigan ako, na mga taong naniniwala, at may pagtitiwala sa mga pagpupursigi mong pinagsusumikapan mong gawin. Kung mayroon po akong ibang layunin, na para bang gusto ko lang maging iba, aba, ang labas ko nga n'yan ay isang—isang makasalanan talaga. Pero ang layunin ko nga'y si Jesus Cristo ang matanyag.

<sup>4</sup> At kung ang isang tao'y may kung anong bagay sa kanya, kung may Mensahe siya galing sa Diyos, di mo nga mapipigilan ang sarili mo. May kung anong bagay ka kasi diyan sa iyo, na pumipintig. Pipintig at pipintig ito, anumang mangyari. Di mo 'yun mapapabagal, mapapahinto, o mapapasimulang pakilusin. Ikaw ang ihihinto nun at pakikilusin nun at pababagalin nun. Kita n'yo? Yun nga ang Siyang may kontrol.

<sup>5</sup> Salamat sa—sa mababait nating mga kapatid para sa kanila pong patotoo patungkol sa ating Panginoong Jesus. Hindi ako ang pinatutungkulan ng mga sinasabi nila, siyempre hindi. Sila nga'y nagsasalita patungkol sa Kanya.

<sup>6</sup> Katulad nga nung nabasa kong maikling artikulo, dito di pa gaanong katagalan, patungkol kay G. Moody. Sabi dun, ang Chicago'y . . . may ilalabas na editoryal ang pahayagan tungkol sa kanya. At may ipinadala silang tao, para alamin kung bakit ang mga tao'y nagtitipon para lang makinig kay G. Moody. Sa editoryal; si G. Moody ay parang ako nga rin, wala rin siyang sapat na edukasyon para mabasa 'yung—'yung editoryal, kaya 'yung nangangasiwa ng gawain niya ang nagbasa. Si G. Moody ay tagapaggawa lang ng sapatos, noon, at siya nga'y tinawag ng Diyos para sa isang mensahe ng—ng panahon. At mangyari nga na binasa na nung nangangasiwa ng gawain niya ang editoryal, at sabi nga dun, "Ano kayang dahilan at may mga nagsisipunta para lang mapakinggan si Dwight Moody?" Sabi, "Unang-una, siya ang pinaka pangit na taong nakita ko kahit kailan." At sabi pa, "Kalbo siya't, malago ang balbas, at ganito-ganito." At sabi pa, "At siya'y—siya'y umiingit-ingit kapag nagsasalita.

Yung pagbabaybay niya ng pangungusap ang pinaka terible sa lahat ng narinig ko kahit kailan.” Uh-huh. At, oh, puro ganun ’yung mga pinagsasasabi niya roon.

7 Sabi, “Nagkibit balikang lang si G. Moody. Sabi niya, ‘Siya nga nama’t di naman talaga. Si Cristo ang ipinunta nila.’”

8 Kaya, hayan po, palagay ko ’yan ang kasagutan. Si Cristo ang ninanais nating makita. “Kung ako’y mataas, ang lahat ng tao ay palalapitin ko sa Akin.”

9 Iniisip-isip ko nga, nung makabisita ako rito sa—sa bayan, at makita mismo ’yung mga tao, na kaybabait naman talaga, napakainam nitong idinaraos nating pagtitipon dito sa Denham Springs High School, o sa school auditorium dito. Iniisip ko nga, na ’yung mga tao rito’y mistula bang ’yung kape rin nila rito. Sila’y . . . Hayan nga! Wala nga ’yun sa dami, kundi nasa kalidad; grabeng kalidad sa isang tasa pa lang.

10 Naalala ko nga ’yung pinaka unang beses na lumapag ako sa paliparan dito. Yung mga kapatid na lalaking sumundo sa akin, narito silang nakaupo ngayon. At may munting Pranses na dalaga dun; nagpahatid ako sa kanya ng hamburger at isang tasa ng kape.

11 Di po ako umiinom ng kape’t nito lang trenta y otso anyos na ako nagsimulang uminom ng kape; kung nalaman ko lang sana ito noon. Pero hayan nga si Kapatid na Brown, sa palagay ko nandito siya kaninang umaga, kung saan. Nakaupo siya rito. Mahilig na mahilig talaga siya dun, at siya ang nanghikayat sa akin. . . Nagpunta ako sa agahan ng mga ministro nang alas siyete, may alas otso din, at may alas nuwebe din; di mo nga kayang kainan lahat ’yun, kaya sasalinan ka na lang nila ng kape. At sa una patikim-tikim lang ako, at, ’yun na, nagsimula na akong uminom ng kape.

12 Kaya sinabi ko sa dalagang ’yun, sabi ko sa kanya, “Dalhan mo ako ng hamburger at isang tasa ng kape.” Nung ilabas na nila ’yung kay liit na tasa, naisip ko, “Naku, naku, nagtitipid yata sila ng kape rito.” Yung una kong higop, unang inom ko, oh, naku, parang nakipagbuno ako para makahinga. Kita n’yo?

13 Sabi tuloy nung dalagang ’yun, “Siguro isa kang Yankee.” Sabi niya, “Gagawan na lang kita ng pang-Yankee.”

14 Kaya ganun ko nga nakikita ang mga tao rito, marahil di sila ang pinakamalaking bilang na napangusapan ko, pero di mapasusubalian ang kalidad nila. Ako’y nagpapasalamat nang lubos dahil diyan, mga nakikinig talaga, uupo riyan at talagang tutok sa mga sinasabi mo. Aking. . .

15 Yan nga ang gusto kong gawin n’yo. Siyasatin n’yo ang mga sinasabi ng isang tao, sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. At, kung di nga tama Rito, di talaga ’yun tama. Ganoon lang. Kung Salita nga ’yun ng Diyos, haya’t patototohanan ng Diyos ang

Kanyang Salita, dahil ipinangako Niya 'yun. Kaya naman may paghahangad talaga tayo na siyasatin ang mga bagay-bagay na ito, para—para malaman natin.

<sup>16</sup> Ngayon sa pagkakaunawa ko, itong umagang ito, ito nga'y agahang pagtitipon ng mga kalalakihan sa pagnenegosyo, at ng Full Gospel Business Men, na ako'y miyembro ng sangay nila. At sa palagay ko nga. . . Nagpasabi sila na ang ilan sa kanila'y narito. Yung iba'y hindi na nakapunta. Siguro, dahil sila'y mga negosyante, may mga negosyo silang dapat nilang asikasuhin. Ayos lang naman sa akin ang dahilan na 'yan, ano pa, kaya—kaya ayos lang naman 'yun. Sabi niya marami sa mga kasapi nila ang dumalo, kahit paano, kaya napakainam din.

<sup>17</sup> Ngayon may nakakatawa lang akong kuwento rito. Noo'y nabanggit ko na ito, pero siguro. . . Na hindi nga ito lugar para sa mga pakuwela-kuwela, tunay nga, pero ano lang naman ito kaunting pagpapangiti lang. Kung magsasalita ka nga, gaya nung kanina natin, 'yung kanina, buweno, mahihikayat mo marahil ang mga tao sa kaunting pagpapangiti sa kanila.

<sup>18</sup> Naalala ko minsan, may kaibigan ako't kami'y nagkasama noon sa eskuwelahan. Ang pangalan niya ay Wilmer Snyder. Yung kapatid niyang lalaki'y isa pong ministrong Baptist, at siya'y—siya'y nagsusulat para dun sa *Upper Room*, isang—isang column sa *Upper Room*. Nagkasama kami sa eskuwelahan. At tumutok ako sa pagmi-ministeryo, at siya—siya nama'y naging ahente ng insurance. At kaya nagpunta siya minsan sa bahay, isang araw, para bisitahin ako. At marahil po may mga ahente rito ng insurance. Wala po akong sasabihing anumang masama sa insurance. Kaya sana po, huwag akong isipan ng masama sa bagay na ito, basta kunin n'yo lang 'yung gusto kong. . . punto ng sasabihin ko. Mangyari nga ring ang kapatid kong lalaki'y may—may Prudential siya, at nagbebenta siya ng Prudential insurance.

<sup>19</sup> Mangyari ring may nangyari sa aking kaunting di kaaya-aya sa isang kompanya ng insurance na aking. . . sa palagay ko, dahil na rin sa wala akong masyadong alam dito, ako'y. . . mali 'yung pagkakabasa nila sa akin nung mga tuntunin, at mali ang pagkakalahad sa akin nun, at kaya naman di ko 'yun kinuha. Ako'y. . .

<sup>20</sup> Kaya, isang araw, heto na nga si Wilmer at nakipagkita sa akin, at sabi niya, sabi niya, “Kumusta naman ang buhay-buhay, Billy?”

Sabi ko, “Mabuti.”

Sabi, “Nabalitaan kong lagi ka raw sa mga pagtitipon!”

Sabi ko, “Oo, lagi ako sa mga pagtitipon.”

<sup>21</sup> May ikinuwento ako sa kanya tungkol sa sinabi sa akin ng isang kasamahan. Sabi niya, “Sabihin mo nga, hindi ba't isa

kang mangangaral. Anong ginagawa mo't, sumasama-sama ka sa mga negosyanteng 'yun?"

Sabi ko, "Negosyante rin naman ako."

Tapos sabi nila, "Ah, ano namang negosyo mo?"

Sabi ko, "Negosyong assurance."

<sup>22</sup> At, kita n'yo, di niya 'yun naunawaan. Hindi ko sinabing, "Insurance." Ang sabi ko'y, "Assurance." Kita n'yo?

At 'yun na nga't ang sabi ko, "Negosyong assurance."

<sup>23</sup> Sabi niya, "Oh," sabi, "maganda 'yan." Sabi niya, "Ano—ano namang insurance ang ibinebenta mo?"

<sup>24</sup> Sabi ko, "Nagbebenta ako ng Eternal Life assurance." At mapasa hanggang ngayon ay nagbebenta pa rin ako nito. Kaya ako'y talagang intere- . . . kung mayroon po riyan na interesado, ikagagalak kong makipag-usap sa inyo tungkol sa garantiyang ito, pagkatapos na pagkatapos ng pagtitipon, kung ayos lang sa inyo.

<sup>25</sup> At kaya naman ang sabi niya, sabi niya, "Eternal Life?" Sabi, "Sa palagay ko'y hindi ko pa naririnig ang kompanyang 'yan."

<sup>26</sup> Sabi ko, "Oh, hindi mo pa naririnig?" Sabi ko, "Kilalang-kilala kaya ito." At sabi niya . . . sabi ko, "Matagal na itong establisyementong ito."

At sabi niya, sabi niya, "Saan ang punong tanggapan nito?"

Sabi ko, "Sa Kaluwalhatian."

<sup>27</sup> Sabi ni Wilmer, sabi niya, "Billy, naisipan kong sumadya rito, para bentahan ka ng insurance." Sabi, "Nabalitaan ko na wala ka pang insurance."

Tapos sabi ko, "Oh, meron. May—may assurance ako."

<sup>28</sup> Tapos sabi niya, "Oh, pasensya na." Sabi niya, "Sa palagay ko, nabentahan ka na pala ng kapatid mo."

Sabi ko, "Hindi, hindi mismo sa kanya."

<sup>29</sup> Napatingin sa akin ang maybahay ko, na para bang gusto niyang sabihing, "Buweno, gumagawa-gawa ka lang yata ng kuwento." Alam niya kasing wala akong insurance na kahit ano. Pero di nga rin niya nakuha agad. Sabi ko, "Assurance," hindi "insurance."

Sabi niya, "Anong insurance ang mayroon ka, Billy?"

<sup>30</sup> Sabi ko:

Pinagpalang katiyakan, si Jesus ang tangan!  
Oh, damang-dama ngayon pa lamang banal na  
Kaluwalhatian.  
Ako'y tagapagmana ng kaligtasan, sa Diyos  
mayroon nang katubusan,  
Sa Kanyang Espiritu ay isinilang, sa Kanyang  
Dugo ay hinugasan.

31 Sabi niya, “Billy, ang ganda nga n’yan. Ang ganda.” Sabi, “Wala akong anumang laban Diyan, pero,” sabi, “Di ka naman n’yan mailalagay sa libingan kung yumao ka na.”

32 Sabi ko, “Mailalabas naman ako nito. Di ko na inaalala ’yung mailagay dun.”

33 Hindi ko na inaalala ’yung mailagay dun; ’yung, mailabas dun. At heto—heto nga’t *Ito* lamang ang tanging bagay na alam kong hahango sa inyo roon. Kaya kung interesado po kayong mahango roon, hayaan n’yong kausapin ko kayo tungkol Dito.

34 Pinagmamasdan ko po rito ang mga nagsidalo, sa umagang ito, di ko na kayo patatagalin pa pero siguro’y kaunti na lang ito. At may teksto ako rito na ipapangaral ko, pero mangyaring naisip ko, buweno, di na lang pala ganun. Ilalahad ko sana ito sa kaunting pagsasadula na parang ganun, patungkol sa isang tauhan sa Biblia.

35 Naiisip ko po ngayon ang mga bagay na dapat seryosohin. Na, habang nakaupo tayo rito ngayon na mga Cristiano tayo, sa palagay ko nga’y halos lahat naman tayo rito, alam n’yo ba na marahil maaaring ito na ang huling pagkakataong kakain tayo ng agahan na sama-sama? Naiisip n’yo ba ’yan?

36 Naiisip n’yo ba, na itong kaunting mga pananalitang aking sinasabi rito, ang Diyos nga’y pananagutin ako rito sa Araw ng Paghuhukom? Kita n’yo? At may mga kaluluwa nga ako rito, na kahit kakaunti lang ang bilang, haya’t pananagutan ko pa rin. Itong mga salitang ipinangungusap ko sa inyo, buweno, ako’y mananagot sa mga bagay na ito Roon.

37 Kaya marahil di na tayo muli makakakain ng agahan nang sama-sama, pero umaasa nga ako na kakain tayo ng Paghapon na magkakasama, balang araw. Dun sa huling paghapon, Doon sa kaitaasan kasama Siya, ’yun ang magiging pinaka una Roon.

38 At heto nga’t sa pagkakaupo natin dito ngayong umaga, at pinagmamasdan ko nga ang mga kalalakihan dito, marami sa kanila, mga mahuhusay na ministro talaga na nakapag-aral. At heto ako, heto po, isang—isang taong—bundok lang na pumarito, walang edukasyon, nakaupo rito sa tabi ng mga kalalakihang talagang kuwalipikado na kuwalipikadong mangaral, at mga Doktor pa ng Dibinidad. Nanliliit nga ako sa pagkakatayo ko rito at sa pagsasalita ko sa harapan ng kalalakihang tulad nito. Pero, gayunpaman, kinakailangan kong—kong ilahad ang aking nararamdaman. At dahil na rin sa kanilang lubos na kabutihan at kagandahang-loob ay pinatayo nila ako rito at para gawin ito. Ikinagagalak ko po ito, mga kapatid na lalaki, ang inyong pakikipagtulungan sa pagtitipon, at pagbubuklod dito. Nandito po ako para tumulong sa inyo. Gagawin ko talaga ang lahat ng magagawa ko para sa inyo, sa biyaya ng Diyos.

39 At mangyari nga pagkatapos ng lahat ng ito, sa araw na ’yun, kung di na ako magkaroon ng pagkakataong kumain uli

ng agahan kasama n'yo, kapag natapos na ang lahat, tayo nga'y uupo roon nang tapat-tapat sa mahabang dulang, 'yun nga ang panahon na inaasam-asam ko. Di maikakatwang may guguhit na mumunting mga luha sa ating mga pisngi, at titingin tayo sa tapat ng dulang at aabutin ang kamay ng isa't isa. Magiging lubos na makabuluhan 'yun sa oras na 'yun. Kaya gumawa tayo habang panahon pa ng paggawa, habang mataas pa ang araw. Lulubog na ito sa kaunting panahon; palubog na nang palubog. Tapos, isipin n'yo 'yun, na habang nakaupo tayo roon, hawak-hawak ang kamay ng bawat isa, at naiiyak nang kaunti, dun nga'y lalabas ang dakilang Hari, suot-suot ang pinaka maringal Niyang kasuotan, bababa sa hanay natin, pupunasan ang lahat ng luha sa ating mga mata, at magsasabing, "Mabuting gawa, mabuti at tapat kong alipin, magsipasok kayo sa kagalakan ng Panginoon, na inihanda na para sa inyo buhat pa nang itatag ang sanlibutan." Habang mataas pa ang araw, at ang liwanang nito'y sapat pa para makapagtrabaho, tayo nga'y magtrabaho.

<sup>40</sup> Ngayon itong munting teksto rito, mukha ngang kakaiba ito, pero pag-uusapan natin ang paksang ito: *Siya'y Magdaraan Sa Daang Ito*.

<sup>41</sup> Marahil ganoon na lamang kabalisa 'yung—'yung gabi na 'yun para sa maliit na lalaking ito. Di siya makatulog talaga, at pagulong-gulong lang siya't paiba-iba ng posisyon, magdamag. Mag-uumaga na.

<sup>42</sup> At alam naman natin ang ibig sabihin ng mga gabing tulad nun na di ka mapakali, di ka makatulog. May bagay ka dun sa isip mo, o may bagay kang nagpapalala nang husto sa nerbiyos mo.

<sup>43</sup> At ang maliit na lalaking ito'y isang negosyante, marahil sa bayan ng Jerico, marahil gaya rin n'yo na mga kalalakihan at kababaihan dito, at siya'y—siya'y may lumalagong negosyo. Maganda ang katayuan niya sa . . . lahat ng samahan, at iba pa, at miyembro ng simbahan, ng kapulungan ng Sanedrin, at may mainam siyang saserdote, at naniniwala siya sa saserdoteng ito.

<sup>44</sup> At ang kakatwang bagay sa kasong ito, hayan nga, ay ang maybahay niya. Tatawagin natin siyang Rebekah. "Nalihis siya sa maling panig," sa isip-isip niya, at ganun din ang iniisip ng saserdote. Tagasunod siya ng isang Lalaking pinaniniwalaang isang propetang taga-Nazaret, isang Lalaking nanggagalang Jesus. Yung mga tao, 'yung mga tao sa mahihirap na sektor ng lipunan, naniniwala silang Siya ay propeta, o isang Mesiyas na ipinangako, subalit di man lang ito pasado sa pamantayan ng Sanedrin.

<sup>45</sup> Kakaiba nga, na kung minsa'y iba ang paggawa ng Diyos sa mga bagay-bagay sa inaasahan nating kulay Nun. "Ang Taong ito, kita n'yo, ipinanganak na," sa kanilang opinyon, "labas sa

batas. Ipinanganak na Siya ng nanay Niya bago pa man ang nanay at ang asawa nito'y maikasal."

<sup>46</sup> Isa pa, di Siya naipasok sa eskuwelahan. Wala silang tala na magpapatunay na pumasok Siya ng paaralan. Hindi rin Siya saserdote, di rin Siya rabi. Nag-aangkin lang daw Siya, tila ba, sa Sarili Niya.

<sup>47</sup> Gaya ng napakagandang sinabi ni Kapatid na Don nitong umaga rito, "Isa 'yung pagpihit sa panulukan." Hindi nila 'yun nakilala. Madalas ay ganun ang nangyayari. Dumating na sa panahon na pumipihit na ng panulukan.

<sup>48</sup> Pero kung bakit nga't, anupa't, ang asawa niya'y nahikayat na ang Lalaking 'yun ay ang Propetang 'yun na iprinopesiyang darating, at ang asawa nga niya'y naging tagasunod nung Lalaking 'yun, nanampalataya sa Lalaking 'yun.

<sup>49</sup> At sinusubukan nung asawa niyang ibahagi 'yun sa kanya. Pero siya nga'y sobrang abala sa kanyang pagnenegosyo, at isa pa . . . Kaanib naman siya sa iglesya. "Hindi pa ba sapat 'yun?"

<sup>50</sup> Parang 'yung mayamang binatang pinuno, alam n'yo. May negosyo rin ang binatang 'yun. Pero naisip nga niya na gayong siya ay—ay kaanib ng iglesya, pero wala naman siyang Buhay na Walang Hanggan. At nagtanong nga siya . . . May nakita kasi siyang kung anong bagay kay Jesus na wala sa ibang tao. At sabi nung binata, lumapit siya sa Kanya't nagsabi, "Ako . . ." Gusto niyang malaman kung siya'y . . . ano bang maaari niyang gawin upang magkaroon ng Buhay na Walang Hanggan. At ang sabi ni Jesus sundin niya ang mga kautusan. Sabi nung binata, "Nagawa ko na ang mga bagay na ito magmula pa nung ako'y bata pa lang." Kita n'yo, ipinapakita riyang isa—isa siyang mananampalataya, pero alam niya na may kung anong bagay kay Jesus na wala roon sa mga saserdote't mga rabi.

<sup>51</sup> At ang isang tao kapag siya'y nagkaroon ng paglapit kay Jesus Cristo, Siya'y iba nga sa mga tao. Ibang-iba ka na sa dating ikaw kapag iyong nakita na Siya, may kung ano nang siklab ng Diyos na mamumutawi sa iyo.

<sup>52</sup> Kaya ganoon na nga't natagpuan ni Rebekah si Jesus. At Siya—Siya nga, para sa kanya, ang siyang ganap na katuparan ng pangako na hinihintay ng mga Hudyo, para sa panahon nila.

<sup>53</sup> Pagkatapos ay kumalat ang bali-balita na Siya'y papunta ng bayan para makapag-agahan o tanghalian o parang ganun, dun sa may Jerico, kaya naman siya'y mas naging pursigido sa pananalangin para sa kanyang asawang lalaki na negosyante.

<sup>54</sup> Kailangan na kailangan natin ng mas maraming Rebekah, sa lahat ng dako, kita n'yo. Kita n'yo, mababago ng panalangin ang mga bagay-bagay. Kung itatagubilin mo ang iyong asawa, o ang mahal mo sa buhay na hindi pa ligtas, sa Diyos, at ika'y



mananalangin, gagawa nga ng paraan ang Diyos sa isang dako, dahil ipinangako Niyang gagawin ito.

<sup>55</sup> Kaya ganun ang ginawa ni Rebekah, yamang siya'y isang tapat na mananampalataya at tagasunod ng Panginoong Jesus, at isang napakabait at kalugud-lugod na tao't ganoon nga siya, at siya'y . . . may malasakit sa kanyang sambahayan.

<sup>56</sup> At sa palagay ko'y naaaninag 'yang muli ngayon, na kung—kung ang isang tao'y makatagpo niya si Jesus at matagpuan Siya sa puso n'yo talaga, di ka lang magkakaroon ng malasakit sa inyong sariling sambahayan, kundi sa sambahayan ng Diyos, sa lahat ng dako. Ika'y may malasakit, na makilala nila Siya. “At ang makilala Siya ay Buhay.” “Ang makilala Siya,” kita n'yo, hindi sinabing malaman kung paano magbasa ng Salita, o anumang. Kundi, “Ang makilala Siya, ay Buhay.”

<sup>57</sup> Kaya nanalangin siya nang masidhi. At papalapit na nang papalapit ang araw na papasok na si Jesus sa bayan. At di na 'yun nakakagulat, na nung isang araw bago 'yun, marahil ay tinitingnan niya kung may pagbabago ba sa pakikitungo ng asawa niya. Kaya ang sabi niya, siguro, “Zaqueo, ikaw—ikaw ba'y magpupunta dun sa agahan bukas ng umaga?”

<sup>58</sup> “Aba, hinding-hindi. Naku, 'yung mga taong 'yun talaga! Tapos iisipin mong ako. . . Aba'y pagmamay-ari ko ang pinaka mainam na restawran dito sa bayan, at tapos dun sila kina Lavinski magtitipun-tipon.” Sana po'y walang Lavinski rito. Pero, hayan na nga, “Dun sa ibang lugar na 'yun, kita mo. At, aba, pagmamay-ari ko yata ang pinaka mainam na puwesto sa bayan, at pagkatapos 'yun ang napili nilang lugar. Aba, dapat hindi. Dapat dito sila sa puwesto ko, magdaraos ng ganun, kita n'yo.” Di nga siya pupunta.

<sup>59</sup> Pagkatapos ay bumabad siya sa pananalangin, na animo'y gipit na gipit. At kaya naman nung gabing 'yun, 'yung maliit na lalaking 'yun ay di halos makatulog talaga.

<sup>60</sup> Alam n'yo, talagang may ibubunga 'yun, kung bababad ka talaga sa pananalangin tungkol sa isang bagay na animo'y gipit na gipit ka, ang Diyos nga'y kikilos sa magkabilang dulo nung linya, kita n'yo. Siya'y—Siya'y—Siya'y tutugon.

<sup>61</sup> Kaya 'yung maliit na lalaking 'yun, dumating siya sa punto na marahil napaisip siya nang husto nung gabing 'yun, “Ano kaya kung magpunta na lang ako dun at—at—at pakinggan ang Lalaking 'yun? Ngayon, ang sinasabi ni Rebekah ay isa Siyang propeta. Ngayon, alam naman naming di kami nagkaroon ng kahit sinong propeta sa loob ng daan-daang taon. At tinanong ko na ang saserdote ko tungkol dito, ang sabi niya, ‘Anupa't kalokohan lang 'yan! Kung may Propeta kasi na lilitaw, hindi ba't dapat sa kaiglesyahan siya manggagaling? Ganoon dapat ang pagparito niya. Dapat sa mga Fariseo, o mga Saduceo, o sa pangkat namin siya darating, dahil kung hindi'y hindi nga

siya Propeta?” Alam n’yo, ’yang ganyang ugali ay nananatili pa rin hanggang ngayon. Kaya ganoon na nga’t iniisip nilang sa ganoong paraan dapat Ito dumating, o di Ito tama. Kaya ’yun ang sinasabi-sabi nila, at di naman daw maikakaila, pero, sa dakilang panahon na ito . . . Pinaniwalaan Ito ng asawa niya, sa kabila ng lahat.

<sup>62</sup> At kinausap niya ang saserdote niya patungkol dito. Sabi nung saserdote, “Ngayon tingnan mo, ’yang panahon na ’yan ng mga propeta’y lipas na matagal, na matagal nang panahon ang nagdaan. Taglay-taglay natin ang kautusan. Isinulat na namin itong lahat. Kuntroladong-kuntrolado namin ang situwasyon, at nasa kamay na namin ito, at alam namin ang mga ganitong klaseng bagay.”

<sup>63</sup> Kaya anupa’t, tuloy, si Zaqueo, dahil sa di siya nakatuon Dito, talagang ganap siyang nagbabaka-sakali lang, bahala na lang sa kanya. Ang salitang pagbabaka-sakali ay “pag-abante nang walang kapangyarihan.” Aba, iniisip niya—niya na ayos lang ’yun; basta’t kasapi siya sa isang iglesya, at ’yun lang ang kailangan niyang gawin.

<sup>64</sup> Pero nung malapit nang gumabi, biglang nagkaroon siya ng biglaang kagustuhan sa puso niya. “Marahil kung ang taong ’yun ay paparito sa bayan, baka di na Siya bumalik pa kahit kailan. Dapat sigurong kusa na akong magpunta’t siyasatin ang—ang situwasyon, ako na mismo ang titingin dun.”

<sup>65</sup> Ngayon napakaganda ngang ideya ’yun. Ikaw na mismo ang tumingin. Huwag kang pupunta para humanap ng mali. Kunin mo ang Salita, at siyasatin ang Salita sa pamamagitan nun.

<sup>66</sup> Mangyari nga na siya, si Rebekah, talagang sinikap niya, sa abot ng makakaya niya bilang babae, na ipaliwanag na ’yung mga sinalita noon ng mga propeta, at sinalita noon ni Moises, na kung ano nga ang Taong ito, at maging ang pagdating Niya. Mangyari ring naisip niya, na kahit anong pagsisikap niya na ipaliwanag ’yun sa asawa niya, haya’t ang mga saserdote nga’y mas may impluwensiya sa kanya kaysa kay Rebekah, na asawa niya, anumang gawin nito.

<sup>67</sup> Tapos nung malapit nang mag-madaling araw, aba, ’yung munting lalaki’y . . . si Rebekah, nakikinita ko siya, na kinukulit niya talaga ang asawa niya, sabi, “Zaqueo, ang ibig mo bang sabihi’y di mo talaga gustong pumunta dun?”

“Hindi nga, ayaw kong magkaroon ng anumang kaugnayan sa Ganoon.”

<sup>68</sup> Alam mo, huwag ka, Reb- . . . Huwag kang mainis, Rebekah. Minsan magandang senyales ’yan. Kita mo, sa—sa punto kasi na kapag siya’y naguguluhan ang kalooban, masasabi mo itong tungkol Dun, lahat. Magandang senyales ’yan, minsan.

69 Pagkatapos, maya-maya nga, si Rebekah ay umakto lang na tulog. Yun pala'y, nananalangin siya. At napansin niya dun si Zaqueo na bumangon na ng kama, dahan-dahan, alam n'yo, at nagpunta na't nag-ayos na ng sarili, at nagsuklay ng buhok, at isinuot niya ang pinakamainam niyang damit. At sumilip siya, bukas ang isang mata, para makita kung anong ginagawa ng asawa niya. Dun nga'y alam na niya na tinugon na ng Diyos ang panalangin niya. Alam niya na may bagay na mangyayari. Kaya hayun na nga't dahan-dahang lumabas si Zaqueo, hindi na ipinaalam kay Rebekah kung saan siya pupunta, alam n'yo. At pumuslit siya, at lumabas na't lumingon pa.

70 Hinawi niya ang kurtina, dumungaw sa labas, para makita niya 'yung paglabas ng asawa niya. Sabi niya, "Salamat sa Iyo, Panginoon. Maayos na ang lahat ngayon." Kita n'yo?

71 Gaya nung ginawa noon ni Elias, nung sabihin niya, "May nakikita akong, ulap na kasing liit ng kamay ng isang lalaki." Unang mumunting patunay, na may bagay nga na mangyayari.

72 Kaya lumabas na siya, at nagpunta sa kalsada. Sabi niya, "Ngayon sa pagkakaintindi ko'y dito Siya papasok sa timog na pintuang-bayan, kaya mabuti pa sigurong magpunta na ako dun at tumayo dun." At sabi, "At hahanap ako ng magandang puwesto, at tatayo dun. At kapag pumasok na Siya, titingnan ko kung Propeta ba talaga ang taong ito. At dire-diretso akong lalantad sa puwesto ko at ituturo ko ng daliri ko ang ilalim ng ilong Niya, at sasabihin ko sa Kanya nang diretsahan ang nilalaman ng isip ko, at kapag dumating Siya. At sasabihin ko sa Kanya ang lahat ng walang kabuluhang bagay na idinulot Niya sa asawa ko... at 'yung may patipun-tipon pa para sa pananalangin at kung anu-ano pa. Grabeng pasakit na sa akin at pagod na pagod na ako sa ganun. Ganoon nga ang gagawin ko. Kailangang may sabihin na ako tungkol dito, kita n'yo, at sasabihin ko talaga sa Kanya. At pagkatapos nun alam kong sigurado 'yan may tapik ako sa likod mula sa rabi, at sasabihin, 'Zaqueo, isa kang tapat na kaanib ng iglesya natin dito. Ika'y kahanga-hangang tao tiyak 'yan.'" Kaya ang sabi niya, "Sige't magpupunta na agad ako habang maaga pa," kaya nagpunta na siya.

73 Nung dumating na siya dun mga isang bloke, o dalawa, ang layo sa pintuang-bayan, naabutan nga niya dun, na siksikan na 'yung lugar. May mga taong nasa mga pader na mismo't kung saan-saan pa. Anupa't may kung anong bagay, na kahit paksa Siya ng kung anu-anong bulungan, may mangilan-ngilan pa rin na gustong makinig sa Kanya. May mga gusto pa ring makinig.

74 Kaya sabi niya, "Paano ko na kaya ngayon makikita ang pagdaan Niya sa pintuang-bayan?" Naalala n'yo, sabi ng Biblia siya'y pandak. At sabi niya, "Masyado akong maliit." Kaya nakipagtulakan siya roon, "Hoy, padaanin n'yo ako!" Masasabi

n'yo nga na di pa siya Cristiano, kita n'yo, ganoon pa ang kilos niya. Ang mga Cristiano'y hindi ganoon ang ugali, kita n'yo. "Tumabi kayo! Di n'yo ba ako nakikilala? Ako si Zaqueo. Ako ang may-ari nung restawran sa gawing ito. Sige't, tumabi kayo sa dinaraan ko!" Kita n'yo? Ngayon, nga ganun ang isang Cristiano. Alam ng lahat na di nga siya. Marahil may ilan sa kanila ang nakakaalam sa pananalangin ni Rebekah.

"Buweno," sabi ng iba dun, "buweno, ikaw ang tumabi."

<sup>75</sup> At dun nga'y alam na niyang wala siyang pag-asang makita pa Siya, sa ganung karaming tao, kaya di na niya masasabi pa ang iniisip niya tungkol sa Kanya. Kaya naisip niya, "Buweno, ano na, ano na kayang gagawin ko? Siguro'y uuwi na lang ako't kakalimutan ko ang lahat ng ito."

<sup>76</sup> Pero, alam n'yo, may kung anong bagay nga dun, na kapag nakapag-desisyon ka na sa isip mo na gusto mong makita Siya, wala nang makakapigil sa iyo para makita Siya. Di na alintana ang anumang bagay, ika'y—ika'y talagang magpupumilit, na gaya nga nung babaing Griyego na talagang nagpumilit nang husto para makalapit kay Jesus. At may kung anong bagay nga dun, na kapag nakapag-desisyon ka na sa isip mo't gusto mong makita Siya, wala na ngang kahit ano na makakapigil sa iyo. Pero, tandaan n'yo nga, sa puntong buo na ang desisyon mo sa isip mo, diyan nga dumarating ang diyablo't gagawin niya ang lahat para hadlangan ka. Determinado nga ang diyablo na di mo Ito maunawaan, di mo Ito makita. Laladladan niya kayo ng maitim na tabing, sa abot ng makakaya niya, para hadlangan nga kayong makita Ito.

<sup>77</sup> Kaya hayun na nga ang una niyang hadlang, hayun mismo. Tapos nung paalis na siya, sabi niya, "Buweno, ano kaya . . ."

<sup>78</sup> At napatingin siya sa isang dako, at naroo't nakatayo ang ilan sa mga karibal niya sa negosyo, at, sila'y, kilala niya ang ilan dun na mga kasamahan niya sa simbahan. Kaya sa kabila ng hayagang panunuya niya sa Jesus na 'yun na taga-Nazaret, sa pagiging propeta nito, tapos nandun nga siya't nakatayo dun at tinitingnan-tingnan tuloy siya ng ilan sa mga kakilala niya, na mga nandun din at nakikihalo sa grupong naroon. Di na siya makakapagtago pa. Nakilala na siya.

<sup>79</sup> Ngayon, Zaqueo, nakilala ka na, kaya naman. . . alam n'yo, kung may isang ganoon dito ngayon. Nakahalo na kayo ngayon sa grupo, kaya alam naman na ng tao kung sino, na nandito tayo, mabuti pa sigurong magkaalaman na tayo, magkakilanlan sa isa't isa.

<sup>80</sup> Kaya sabi niya, "Buweno, tila kakaiba ito." At nagpalingalinga siya sa paligid, may nakita siyang kakilala sa isang dako rito. "At alam mo kasi, kung tutuusin nga, lahat naman sila'y kagaya mo rin, gusto nilang—nilang tumuklas ng isang bagay."

<sup>81</sup> Ang tao nga'y nababatid niya na nanggaling siya sa kung saan, sa dako sa ibayo; at kapag yayao na siya, siya'y babalik sa isang dakong 'yun. At sa tuwina'y pinagsusumikapan niyang tuklasin ang isang bagay upang malaman niya kung saan siya nanggaling at saan siya patungo. Iisa lang ang may kasagutan nito, ito'y ang Diyos nga. Lahat nga ng tao'y may pagnanais sa kanya na tumunghay dun sa kabila ng tabing. At kung gusto mong makita kung aling bagay ang may... may kakayahang magpakita sa iyo kung ano ang naroon sa kabila nung tabing, kung saan ka nga nagmula, at kung sino ka, at saan ka tutungo. Iisa lang ang Aklat, sa lahat ng literaturang nasulat kailanman, sa milyun-milyong tonelada, *Ito* lang ang natatanging Aklat na makapagsasabi sa iyo kung sino ka, saan ka nanggaling, at saan ka tutungo. Wala nang ibang aklat ang makakagawa nito; ang Biblia lang! "At ang Salita ay Diyos," sabi ng Biblia.

<sup>82</sup> Ngayon, natuklasan nga natin na ang lalaking ito, dahil siya'y napapalibutan, hiyang-hiya talaga siya na malamang nasa gitna siya ng mga taong naghihiyawan, at nag-iiyakan, at nagsisigawan, at para bang mga baliw magsikilos. Kaya tuloy, pero... Nandun na siya, kinikilala na siyang kabahagi na dun, kaya siya'y—siya'y nanatili na lang dun, wala naman na siyang magagawa pa. Ngayon sabi niya, "Buweno, yamang nandito na rin ako, pangangatawanan ko na ito hanggang sa makilala ko kung sino talaga Siya."

<sup>83</sup> Ngayon, Zaqueo, napakaganda nga ng ideyang 'yan. Tatal nagawa mong makadalo sa agahang ito, kaya naman ituluy-tuloy na natin ito. Kita n'yo, tatal nandito naman na tayo.

<sup>84</sup> Kaya ngayon nalaman natin, na, habang naroon ang mga taong 'yun, sabi niya, "Ngayon kung pipirmi ako rito, hindi ko—hindi ko Siya makikita, napakaliit ko kasi. Kaya, alam n'yo, palagay ko lalayo ako sa madlang ito, at tatakbo ako roon sa kanto kung saan ako lang ang tatayo dun, pupuwesto ako sa—sa gilid ng kalsada. At kapag dumaan Siya, lalantad ako sa puwesto ko sa kalsada at sasabihin ko sa Kanya ang iniisip ko tungkol sa Kanya. Sasabihin ko talaga sa Kanya ang laman ng isip ko."

<sup>85</sup> Kaya umalis na siya, palayo sa karamihan, at nagpunta dun. Naisip niya, "Ngayon saan kaya Siya dadaan?" Buweno, nagpunta siya sa "Hallelujah Avenue." Dun kasi Siya madalas dumaan, kita n'yo. Tapos dumiretso sa "Panulukan ng Amen," kung saan may likuan dun, na tumutumbok sa—sa kainan.

<sup>86</sup> Dun nga kayo dapat pumunta, alam n'yo, sa "Hallelujah Avenue" at "Panulukan ng Amen," at pagkatapos ay handa na kayong kumain ng Salita. Kita n'yo? Kita n'yo?

<sup>87</sup> Kaya nagpunta na siya roon sa kanto, at tumayo sa kanto, sabi, "Tamang-tama walang tao rito. At kapag aking..." Alam kong kakaiba ito sa pandinig, pero gusto ko lang... Sandali lang po. Kaya naman, nalaman n'yo na lang, nandun na siya sa

kanto, at sabi niya, “Walang tao rito, kaya dito na ako tatayo. Sa pagdaan Niya rito, kikilatisin ko kung Propeta ba Siyang talaga. Lalantad ako sa kalsada, at sasabihan ko Siya.”

<sup>88</sup> Kaya habang nakatayo siya sa dakong 'yun, haya't bigla na lang siyang napaisip, “Ngayon teka nga muna. Naku, kung ang liit-liit ko na dun sa puwesto ko kanina, marahil 'yung mga tao roon ay magsisisunod saanman Siya magpunta. At ayokong—ayokong may kung sinu-sinong sumisigaw kapag kinausap ko na Siya. Kaya ko nga Siya kakausapin ay gusto kong marinig Niya ako. At 'yung mga taong 'yun ay magsisisigaw pihado ng 'Amen,' at 'Hallelujah,' at 'Luwalhatiin ang Diyos,' 'Hosana sa—sa Propeta na pumarito sa Pangalan ng Panginoon.' Oh, di nila ako maririnig, sa dami ng nagkaka-ingay na 'yun. Kaya isa na lang ang puwede kong gawin. . . Haya't papalibutan nga nila akong lahat, at tapos nun di ko—ko—ko na Siya makikita pa.

<sup>89</sup> Tapos nun napatingin siya, habang nakatayo sa may kanto, at may matandang pamilyar na punongkahoy ng sikamoro dun. Isa nga 'yung matibay-tibay na punongkahoy ng Indiana. Kaya sa pagkakatayo niya dun sa may kanto. Naisip niya, “Buweno, kung maaakyat ko lang sana 'yung sangang 'yun at makaupo dun, makakapuwesto nga ako sa mataas, tapos masasabihan ko na Siya sa pagdaan Niya.”

<sup>90</sup> Kaya nagpunta na siya, tumatakbo. At napakaliit nga niya; hindi niya maakyat 'yung sanga. Kaya ang sabi niya, “Buweno, ngayon isa na lang ang puwede kong gawin,” at may mga—mga basurahan nga ng bayan, dun sa isang sulok. Kaya naisip niya, “Buweno, ngayon kung pupunta ako dun at kukunin 'yung basurhang 'yun, at bubuhatin 'yun at dadalhin dito, puwede ko nang maakyat ang kalahati ng puno mula sa ibabaw nun. Matutulungan ako nun.”

<sup>91</sup> Kaya nagpunta na siya. At di pa noon dumadaan 'yung nangongolekta ng basura, nung, umagang 'yun, at napakabigat nga nun. Mangyaring napakaliit niya't di niya 'yun mabuhat. Ang tanging paraan lang para mabuhat niya 'yun, ay yakapin niya 'yun sa mga braso niya. At nakasuot pa man din siya noon ng pinakamainam niyang damit. Hayan nga, alam n'yo, laging may humahadlang sa tuwing nagsisikap kang makita si Jesus. Pero di na 'yun mahalaga, mainam man o hindi ang suot-suot niyang damit, gustung-gusto nga niyang makita si Jesus, kahit ano pa. Kaya niyakap niya 'yung basurahan sa mga braso niya, para mailipat 'yun ng puwesto. Binilisan niya ang paglipat, at kaya tuloy nagkalat sa kanya ang basura. Buweno, di na 'yun mahalaga; gusto niyang—niyang makita Siya, kahit ano pa.

<sup>92</sup> Mangyari ngang habang inililipat niya ng puwesto 'yung basurahan, habang ang mga braso niya'y nakayakap dun, may narinig siyang tumatawa. At tumingin siya sa paligid, at kung di ka ba naman pinapalad aba'y si Lavinski ang nakatayo roon,

'yung karibal niya sa negosyo, ang sabi, "Buweno, mantakin mo nga naman! Si Zaqueo'y isa na palang, may bago na siyang trabaho pagkatapos ng pagre-restawran niya. Pangongolekta na pala ng basura ang pinagkaka-abalahan niya ngayon."

<sup>93</sup> Alam n'yo, gustung-gusto nga ng diyablo na tingnan kung anong magagawa niya para laladlan ka ng hadlang sa iyong daan, sa abot ng makakaya niya, para di mo makita si Jesus. Sasabihin nga niya sa inyo, "Mga holy-roller ang mga 'yan." Sasabihin nila, "Mga mangmang ang mga 'yan." Sasabihin niya, "Sila'y, wala kang mapapala sa mga 'yan. Mga pobreng basura lang sila ng siyudad," lahat ay gagawin niya. Pero kung determinado ka ngang makita Siya, gagawa ang Diyos ng daan para makita mo Siya. Ilagay n'yo lang lagi 'yan sa isip n'yo. May mabuting bagay nga na mangyayari, kung ang gutom na 'yan ay iigting sa puso n'yo, o anupaman. Makikita't makikita n'yo Siya, kahit anong mangyari.

<sup>94</sup> Kaya di na 'yun mahalaga. Marahil namula ang mukha niya, at hiyang-hiya siya talaga. Pero inilipat pa rin niya ng puwesto 'yung basurahan, sa kabila nun, at naipuwesto niya 'yun, at pumanhik ng puno. Yun din ba 'yun, dito, pumanhik? Sa inyo riyon na mga taga-Timog alam n'yo kung ano 'yung *pumanhik*, 'yun nga'y, umakyat ng puno, sumampa ng puno. At kaya umakyat na siya, at may nakita siya roong dalawang sanga na magkadugtong at magkasalubong sa katawan nung puno, at dun nga'y umupo siya.

<sup>95</sup> Ngayon, napaka inam ngang lugar 'yun para maupo, 'yung puwesto kung saan nagkasalubong ang dalawang daan; iyo at ang sa Diyos; ideya mo, at Kanya. Napaka inam ngang puwesto 'yun para makaupo at mapag-isipan 'yung mabuti. Yung ideya mo tungkol sa Kanya; at 'yung sinasabi ng Salita Niya kung ano Siya. Yung iniisip mong kung ano Siya; at 'yung sinasabi ng Salita kung ano Siya. Kung ano ang Mensahe ng panahon, ayon sa isip mo; at kung ano bang talaga ang Mensahe ng panahon, ayon sa Salita Niya. May pagkakaiba kasi. Umupo nga siya dun at pinagnilay-nilayan 'yung maigi.

<sup>96</sup> Hindi na nakakagulat, si Satanas ay nakasampa sa isa sa balikat niya. Sabi nito, "Alam mo? Nakakaaliw kang tingnan, nakaupo ka rito't nagbubunot ng salubsob sa kamay mo. At suot-suot mo pa 'yang pinaka mainam mong damit, at puno ka nang basura. At ngayon malalathala ang pangalan mo sa buong bayan, lahat ng panlilibak ay matutuon sa'yo, dahil tingnan mo nga 'yang padalos-dalos na bagay na ginawa mo, nakaupo ka rito."

<sup>97</sup> Kita n'yo, si Satanas, kapag nagpapasimula ka, saka naman nito sisikaping sabihin sa iyo, "Maling-mali ang ginawa mo."

<sup>98</sup> Hayun nga siya't nakaupo roon, sa ganoong kalagayan! Sabi niya, "Buweno, sabi ni Rebekah isa raw Siyang Propeta. Susubukin ko Siya. Titingnan ko kung Propeta talaga Siya."

Ngayon sabi niya, “Pagdaan Niya rito, magtatago akong maigi, at di Niya malalaman na nandito ako sa itaas. Una, kikilatisin ko Siya. At matapos kong kilatisin Siya, tatalon ako sa punong ito, at pagkatapos bababa ako roon at pagsasalitaan ko Siya.” Ngayon ang sabi, “Ngayon, kung Siya—kung Siya ay Propeta, talaga, gaya ng sinasabi ni Rebekah na isa nga raw Siya, dapat ay malaman Niya kung ganun na nandito ako sa itaas ng puno, kung totoo ’yun. Kaya ito sinasabi ko na sa inyo, lilinlangin ko Siya,” tapos hinila niya ’yung mga dahon-dahon dun sa kanya at tinakpan, ang buong sarili, para di siya makita; at nagtira lang siya ng isang dahon, para makasilip siya, alam n’yo, para masilip Siya sa pagliko Niya sa may kanto.

<sup>99</sup> At habang nakaupo siya roon, pinag-iisipan ’yung maigi. Pagkatapos ng ilang saglit, nakarinig siya ng pagkaka-ingay na paparating sa may kanto.

<sup>100</sup> Kakatwa nga, na saang dako man Siya naroon, palagi ’yan na puno ng pagkaka-ingay sa tuwina. Alam n’yo, ang pagkaka-ingay ay tanda ng buhay. Kita n’yo? Naalala n’yo ’yung punong saserdote, kapag magdadamit siya’t magpupunta sa Dakong Kabanal-banalan, sa ilalim ng damit niya’y may nakalaylay na prutas na granada at kampanya, at ang ingay nun sa Dakong Kabanal-banalan ang tanging paraan para malaman nung mga naghihintay sa labas kung buhay pa siya o hindi na. Lilikha kasi ’yun ng ingay. At kung wala nang pagkaka-ingay dun, aba, naku, baka patay na siya. Buweno, iniisip ko nga na malaki ang sinasabi n’yan patungkol sa kalagayan ng mga kaiglesyahan ngayon, wala nang sapat na pagkaka-ingay, wala nang sapat na kasigasigan, wala nang sapat na ganun. At kaya nga, kung nasaan si Jesus, doon ay may pagkaka-ingay.

<sup>101</sup> May isang beses, nung papasok Siya sa Jerusalem, ang mga tao’y nagsisihiyawan at nagsisigawan, at, ‘Hosana sa Hari na pumarito sa Pangalan ng Panginoon!’

<sup>102</sup> At ’yung ilang mga saserdote na nakatayo dun, sabi, “Aba, patahimikin mo sila, huwag silang magsisiimik.”

<sup>103</sup> Sabi Niya, “Kung hindi magsisiimik ang mga ito, ang mga bato ang sisigaw.” Kailangan kasing may bagay na kikilos kapag naroon Siya sa isang lugar. Pansinin. At, pagkatapos, ’yung mga sumasampalataya sa Kanya.

<sup>104</sup> At mangyari ngang narinig niya ’yung pagkaka-ingay na paparating na sa kanto, at may naghihiyawan dun at kung anu-ano pa. Kaya naisip niya, “Buweno, marahil paparating na Siya.” Kaya hinila niya ’yung dahon-dahon niya dun sa kanya, at umunat nang kaunti para sumilip. “Ngayon huling-huli ko na Siya ngayon. Malalaman na natin kung Propeta ba Siyang talaga.” Kaya sa pagkaka-upo niya roon, nakatakip sa kanya ’yung mga dahon-dahon, nagmamasid; at—at nandun siya sa



ibabaw ng puno, sa itaas ng mga ulo ng mga tao, dun sa ilalim nung puno kasi magsisidaan 'yung mga tao.

<sup>105</sup> Pagkatapos napansin niya 'yung unang lalaking lumiko sa kanto, siguro'y 'yung apostol, na si Pedro, dahil may kalakihan 'yung lalaki, matikas, may kalakihan ang katawan na lalaki. Nakikinita ko siyang pinatatabi niya 'yung mga tao, sabi, "Mga kaibigan, pasensya na kayo. Ang Guro nami'y nagdaos kasi ng malaking gawain kagabi, maraming bisa ang naalis sa Kanya. Maiintindihan n'yo naman itong lahat. Maaari po ba kayong tumabi-tabi sa gilid para makadaan ang Guro? Pakiusap po." At heto ring dumarating sina Mateo, Marcos, at iba, habang, ang sabi, "Ngayon di naman po sa—sa nagmamalabis kami; di po kami—di po kami naparito para sa ganun. Talaga lang pong pagod na pagod ang aming Guro, at di pa Siya nakakakain ng Kanyang agahan, kaya kami'y—kami'y. . . Kung maaari lang po sana na tumabi lang po kayo sa gilid, kung mamarapatin n'yo."

<sup>106</sup> May isa—isa ngang lalaki dun na nakatayo, na tinitingnan-tingnan marahil ni Zaqueo.

<sup>107</sup> Mga ilang araw bago 'yun, sa isa sa mga transaksyon sa puwesto niya ng negosyo, may—may doktor na sumadya dun, at ang sabi nito sa abang lalaking 'yun na may munting anak na babaing malubha ang sakit na lagnat, at di na raw mabubuhay 'yung bata kahit pa. . . Nagawa na kasi nung doktor ang lahat ng magagawa niyang remedyo sa bata.

<sup>108</sup> At si Zaqueo, nung hawiin niya 'yung dahon-dahon niya, at tumanaw, nakita niya 'yung naturang lalaking 'yun, dala-dala niya ang anak niyang nakabalot ng kumot, paparating sa may kanto. Naisip niya, "Padalos-dalos naman ang tatay na ito, na bigla na lang susunod sa taong 'yun na—na di-umano'y Propeta raw! Hayan nga't parating na 'yung lalaki sa may kanto dala-dala niya ang anak niya, at nilalagnat, at nakatayo dun na ang lakas-lakas ng hangin."

<sup>109</sup> Pero, alam n'yo nga, katulad din ni Zaqueo, kung tunay ka ngang naniniwala, walang bagay na makahahadlang sa iyo, iyo.

<sup>110</sup> At gustung-gusto nga nung nanay na madala 'yung anak sa Kanya. At sa tuwing liliko sila sa may—sa may kanto, o likuan, natutulak 'yung tatay palikod. Pero, 'yung—'yung tatay nga'y nagpursigi, sige lang siya. Pagkatapos, dun sa may isang kanto, 'yung kaawa-awang nanay ay tumakbo dala-dala ang anak na 'yun sa kanyang bisig, at siguro nga'y nagpatirapa pa siya dun, at sabi niya, "Panginoon, mahabag Ka sa anak ko." At nandun ding nakatayo 'yung tatay, umiiyak, din, na isang kaibigan ni Zaqueo.

Sabi niya, "Ano kayang nangyari't ibang-iba ang ikinikilos niya?"

<sup>111</sup> Mangyari ngang di niya maaninag maigi kung Sino 'yung Lalaking 'yun, dun, nakahalo kasi Siya sa madla. Tapos bigla

na lang, may nakita siyang kamay na umunat at hinipo, 'yung ibabaw nung maliit na kumot. At pagkaalis nung munting batang babae sa pagkakabalot, dumiretso siya sa kalsada na palukso-lukso na.

“Ngayon may kung anong bagay nga roon,” sabi ni Zaqueo.

<sup>112</sup> Sa wakas, lumantad na rin Siya sa nakikita. At isang tingin pa lang sa Kanya, nabago na agad ang pananaw ni Zaqueo. Unang tingin pa lang! Hayan nga Siya. Hindi Siya kagaya ng iba pang lalaki. May kung anong bagay na kakaiba sa Kanya. Maamo, malumanay, mabait; at sa kabila nun, para bang, kung magsasalita Siya'y, hahantong ang sanlibutan sa kawakasan. Ibang-iba 'yung katauhan Niya sa inaakala niya noon. Yung pakikitungo niya'y bigla na lang. . . Yung lahat ng katigasan ng kalooban niya'y napawi na lang nang ganun, nung makita niya Siya. Naglalakad sa kalsada. Naisip niya; habang nakatakip sa kanya 'yung mga dahon, pasilip-silip, tinitingnan kung anong nangyayari na. At nung pagdaan Niya, tumapat Siya mismo sa ilalim kung nasaan siya.

<sup>113</sup> At ang sabi niya, “Alam mo, maaaring Propeta talaga ang Lalaking ito. Siguro'y tama nga si Rebekah. Marahil mas may alam ang asawa ko sa Mga Kasulatan kumpara sa akin.” Tapos naglakad na Siya, habang nakatungo ang ulo Niya, naglalakad, may kababaan ng loob, malumanay, katulad ng kung ano Siya talaga sa tuwina. At 'yung mga alagad ay pinatatabi 'yung mga tao sa daraanan Niya.

<sup>114</sup> At nung tumapat na Siya dun sa ilalim nung puno, huminto Siya. Si Zaqueo'y, nakasilip sa dahon-dahon, parang *ganito*. Tumingala Siya sa puno, sabi, “Zaqueo, bumaba ka rian.”

<sup>115</sup> Mangyari ngang di lang 'yung alam Niyang nandun siya—nandun siya sa ibabaw nung puno, kundi alam din Niyang ang pangalan niya'y Zaqueo. Malayong mas nadalian pa siyang bumaba nung puno, kaysa nung umakyat siya. Kilala Niya siya; may ginawang himala sa kanya. Kita n'yo?

<sup>116</sup> Sabi niya, “Panginoon, nagkamali ako. Handa po akong magpahayag na nagkamali ako. Kung may kinuha po ako, sa maling paraan, akin—akin 'yung isasauli. Ibibigay ko sa dukha ang kalahati ng pag-aari ko.”

Sabi ni Jesus, “Ngayon, dumating na sa bahay mo ang pagkaligtas.”

<sup>117</sup> Anong nagpabago sa kanya? Ano 'yung nagpabago, mga kapatid na lalaki't babae? Isipin n'yo 'yun pansumandali. Ang nagpabago nga'y, nakasaksi siya ng isang Bagay na tunay talaga.

<sup>118</sup> Narinig na niya ang lahat ng mga pangakong ipinangako, binabanggit pa nga ng mga saserdote ang mga bagay na 'yun ng *nakaraan*, ang dakilang propetang si Moises, dakilang *ganito*, *ganoon*, o *iba pa*, may ipinapangakong dakilang bagay para sa

hinaharap, pero binabale-wala nila kung ano 'yung nagaganap na sa kasalukuyan. Ganun kasi ang gawi ng tao.

119 May nakita siyang isang bagay na napaka tunay, bagay na siya mismo ang nakasaksi, talaga. Naganap ang himalang 'yun sa kanya mismo. Ang Lalaking ito ang tinutukoy na Propeta noon. Dahil, di naman siya kilala nung Lalaking ito, di rin naman nakita nung Lalaking ito na umakyat siya ng puno. Pero nung tumapat nga Siya sa ilalim nung puno, huminto Siya't tumingala, at nagsabi, "Zaqueo, bumaba ka. Ngayon, dumating na sa bahay mo ang pagkaligtas."

120 Mga kapatid, itong bagay na tunay talaga ang nagpapabago sa isipan ng tao, nagpapabago sa paraan ng pakikitungo nila. May pagkakataon nga na pahirapan talaga, totoo naman 'yan, na makalapit Dito. Subalit kung lalapit lang kayo kay Cristo, sa umagang ito, na—na nariyan—na nariyan sa puso n'yo ang kaisipan, na, "Di ako maghahanap ng mali, kundi aking pag-aaralan ang Kasulatan at titingnan ko dun kung ano nga Siya."

121 Kung paririto Siya sa pagtitipon, mamayang gabi; bago nga kayo magpunta rito, pag-aralan n'yo muna't tingnan kung ano nga Siyang talaga. Dahil kung ano nga Siya noon, ay siya nga nama't ganoon pa rin Siya mapasa hanggang ngayon. Ang Kanyang. . .Gaya nung ipinangusap ko kagabi, kung may ilan sa inyo ang nandun kagabi, kita n'yo. Ipinakikilala ba ng Diyos ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng Kanyang katangian? Siya nga'y nararapat lamang na manatili sa ganung katayuan, dahil Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ang puso nga ng mga tao'y tunay ngang—tunay ngang. . . Ang—ang isang lalaki o babaing may takot sa Diyos, negosyante man, o anupaman siya, sa tuwina'y may ano siya . . . may kung ano sa puso niya, kung siya'y may taglay na pagkatakot sa Diyos, na maghangad na magkaroon ng kaalaman tungkol sa Diyos.

122 Hayan nga't, di ko pa yata nasasabi sa inyo kung anong nangyari na kay Zaqueo pagkatapos. Naging kabahagi siya ng sangay ng Full Gospel Business Men, sa Jerico. Kita n'yo, gusto ko ngang sabihin sa inyo ang nangyari sa kanya, mismo, kita n'yo. Oh, ano pa ba't, di nga siya puwedeng maging ano pa man kundi maging full Gospel talaga, siyanga naman. Yun kasi ang ipinangaral ni Jesus. Kaya naging miyembro siya dun. At dapat nga kayong maging miyembro din nun. Ngayon pansinin.

123 Mangyari ngang hinangad niyang makakita ng bagay na tunay talaga. At nung makita niya ang bagay na 'yun na tunay talaga, at siya mismo ang nakakita, nung bagay na 'yun na may pagkakakilanlan sa Kasulatan, haya't handa na siya. Ang mga bagay na tunay talaga ang mahalaga.

124 Maiksing kuwento lang po bago tayo magtapos. Ilan sa mga narito ang mangangaso, patingin po ng inyong mga kamay, sa mga kapatiran dito? Oh, siyanga! Alam kong—alam kong di

lang ako nag-iisa. Mangyari ngang mahilig akong mangaso, at ako'y . . .

<sup>125</sup> Madalas akong magpunta noon sa kakahuyan sa hilaga, sa New Hampshire. Yun kasi ang tirahan ng mga usang white-tail. Gustung-gusto ko ngang mangaso ng ganun! At kinagawian ko nang magpunta dun taon-taon. At may kasa-kasama ako roong katuwang, ang pangalan niya'y Bert Call, isa sa mga pinaka mahuhusay na lalaking nakasama ko sa pangangaso.

<sup>126</sup> At kalikasan ko na talaga ang magpunta lagi sa kakahuyan. Ako nga'y ipinanganak sa kakahuyan, at dun ako halos lumaki. At kahit nung mabagong-loob na ako'y di pa rin 'yun nawala sa akin. Ang totoo'y di naman talaga dahil sa nakakapangaso ako dun; bagkus 'yung sadyang mapunta lang talaga sa kakahuyan. Sa palagay ko'y naroon ang Diyos; nakikita ko Siya, ang gawi Niya. At ang kalikasan nga, kung papaanong namamatay ito at nahihimlay, nanunumbalik muli ito, at muling nabubuhay.

<sup>127</sup> Ang pagsikat ng araw sa umaga, isang munting sanggol na naisilang; at pagkatapos bandang alas nuwebe, papasok na siya sa eskuwela; at mga bandang alas diyos tapos na siya; at sa alas dose'y dun siya pinaka malakas; at sa alas dos ng hapon nasa edad ko na siya halos; at sa alas singko otsenta na siya, malapit na siyang mamatay. Lulubog na. Natapos na niya ang layunin ng Diyos sa kanya. Hindi nga siya namatay. Babalik siya bukas ng umaga. Ang Diyos nga ito na pinapatunayang may buhay, kamatayan, paglilibing, at pagkabuhay na mag-uli talaga.

<sup>128</sup> Masdan n'yo nga ang mga punongkahoy roon. Noong taglagas, bumaba ang dagta sa ugat bago pa man dumating ang niyebe o anupaman. Anong ginagawa nun? Humihimlay ito sa libingan. Anong mangyayari pagkatapos? Babalik uli ito sa tag-sibol. Di ito namatay. Nagpunta lang ito sa ibaba't humimlay lang dun sa lupa, tapos bumalik. Kung mananatili kasi ito sa itaas, papatayin lang ito ng taglamig. Kita n'yo? Ang Diyos nga'y . . . Wala itong sariling karunungan para ipadala nito ang sarili sa ibaba. Ang Diyos ang naglaan nito. Sinusunod lamang nito ang kaparaanang nilaan ng Diyos. Bababa nga, kukubli sa taglamig, babalik uli nang may panibagong buhay sa susunod na taon, nagpapatotoong may buhay, kamatayan, paglilibing, pagkabuhay na mag-uli. Saanman tingnan, 'yun at 'yun ang makikita; ang Diyos, sa Kanyang kamangha-manghang nilikha, pinapatotohanan ang Kanyang Sarili.

<sup>129</sup> Ang mangangaso ngang ito, mahusay siyang gumamit ng baril, asintado siya. Pero siya ang pinaka malupit na taong nakilala ko. Lagi na lang niya—niya akong pinagkakatuuwaan. Namamaryl nga siya ng mga batang usa.

<sup>130</sup> Ngayon, hindi naman ito dahil sa bawal mamaril ng batang usa kung puwede naman sabi ng batas. Pero, alam n'yo, si

Abraham nga'y kumatay rin ng batang baka at ipinakain 'yun sa Diyos, kaya wala ito sa—sa kasarian, o sa—sa laki.

<sup>131</sup> Nasa pag-uugali po ito. Namamaril siya ng mga batang usa para lang pasamain ang kalooban ko. At tapos sasabihin niya, "Oh, para ka namang may pusong-manok n'yan, para kang 'yung mga pari." Sabi, "Billy, magiging mahusay ka sanang mangangaso kung di ka lang sana isang mangangaral." Tapos sabi, "Pero napaka pusong-manok mo. Ganyan talaga siguro ang mga mangangaral," sabi, "masyado silang—silang mga pusong-manok."

Tapos sabi ko, "Bert, napaka lupit mo kasi."

<sup>132</sup> Yung mga mata nga niya'y parang 'yung sa bayawak, hayan nga. Tapos sabi niya . . . Kanya ngang, kanyang . . . Parang 'yung mga kababaihan na pinapahiran nila ng kolorete 'yung mata nila, alam n'yo, nakadilat na *paganoon*. Tapos sabi niya . . . At tumingin siya nang paganoon, at ang sabi, "Sadyang pusong-manok ka lang talaga." Mangyari ngang babarilin niya 'yung mga maliliit na batang usa. At pagkapatay sa isa, hahayaan lang dun, tapos lalakad na't mamamaril na naman ng isa pa, para lang pasamain ang kalooban ko. Tapos sabi niya, "Ilalayo kita sa pangangaral na 'yan, isa sa mga araw na ito."

Tapos sabi ko, "Oh, hindi, Bert. Hindi, hindi."

<sup>133</sup> Kaya isang araw nagpunta ako roon, isang taglagas, at huli na nga noon. At magsisimula na ang panahon ng pangangaso nang mga isang linggo na lang, at napaka abala ko noon. State Game Warden ako ng Indiana, at ako—ako nga'y napaka abala, at panahon na 'yun ng pangangaso, kaya nagbakasyon pa rin ako kahit paano. Medyo huli na ang pagpunta ko roon.

<sup>134</sup> At 'yung mga usang white-tail, kung susubukan mo ngang barilin sila, ito pong si Houdini na sinasabi-sabi n'yong pinaka dalubhasa sa patakas-takas na ganyan, naku, bagito lang siya kumpara sa mga usang ito. At kaya naman napakagaling nilang magtago. At maliwanag noon ang buwan ng ilang mga gabi rin, 'yung niyebe sa lupa'y nasa mga anim na pulgada ang taas, maganda 'yun para magtunton ng bakas.

<sup>135</sup> At mangyari ngang si Bert, nung makasadya na siya sa dampa na tinutuluyan ko, sabi niya, "Suwerte ka, Billy, may magandang gamit ako para sa iyo ngayong taon na ito."

Tapos sabi ko, "Ano 'yun?"

<sup>136</sup> Nilagay niya 'yung kamay niya sa bulsa niya't dinukot niya 'yun. May maliit na silbato siya. Hihipan niya 'yun, at 'yung tunog nun ay parang batang usa na umiiyak ng tulong sa kanyang ina. Maliit na usang sanggol, alam n'yo, umiiyak ng tulong sa kanyang ina.

<sup>137</sup> Sabi ko, “Bert, ganyan ka na bang kalupit ngayon?” Sabi ko, “Ang ibig mo bang sabihin . . . Di mo puwedeng gawin ang bagay na ‘yan!”

Sabi niya, “Ha-ha, sadyang pusong-manok ka lang talaga mangangaral!”

<sup>138</sup> Pagkatapos lumakad na kami’t nangaso na, nung araw na ‘yun, at umakyat kami dun sa ibabaw ng Jefferson Notch. At di n’yo na nga siya kailangang alalahanin, alam niya kung paano bumalik. Kaya umakyat na kami’t inabot kami ng tanghali na halos, at tapos naghiwalay kami’t ‘yung isa’y dito pumunta, at ‘yun isa nama’y dito sa isa. At kung makuha na namin ang mga usa namin, isasabit namin ‘yun, tapos—tapos nun kukunin na namin ‘yung mga kabayo namin at pupunta’t bibitbitin na ito.

<sup>139</sup> Mangyaring mag-aalas onse na nun, wala pa rin kaming nakikita ni isang bakas, walang kahit isang bakas.

<sup>140</sup> Lahat ng mga usa’y nagtatago sa mababa. Sumuot sila sa sukal, at sa ilalim nung mga patong-patong na dawag dun at kung anu-ano, sa dulo ng kakahuyan, kung saan namalagi noon ang mga mangangahoy. At sila nga’y, nagtatago, di lumalabas, dahil nabaril na ‘yung direksyon nila. Natatakot sila.

<sup>141</sup> Nung bandang alas onse na, huminto muna si Bert, naupo. May parang makitid na libis dun, oh, mga kasing laki siguro ng gusali rito, at ‘yung—‘yung loob nun ay marahil doble nito, may libis dun. At naupo siya, at may inabot siya sa likod niya, akala ko, ‘yung—‘yung termos niya na nakatago sa balabal niyang pangginaw. Kadalasan kasi’y may bitbit-bitbit kaming termos at may mainit na tsokolate kami roon, at, pampalakas din kasi ng enerhiya ‘yun, alam n’yo, at—at tapos magti-tinapay kami na may palaman, at pagkatapos maghihiwalay na kami. Medyo malapit na kami sa tuktok na wala nang gaanong puno, kaya naisip ko na baka kakain lang ng tinapay na may palaman si Bert. Kaya naupo na siya roon at marahil ilalabas na niya ‘yung termos niya at . . . Akala ko nga’y ‘yun ang ilalabas niya. At ako nga noon, kasasandal ko pa lang nung baril ko sa isang puno, at ilalabas ko na sana ‘yung baon ko.

<sup>142</sup> Pero, ang inilabas niya pala, inilabas niya pala ‘yung maliit niyang lumang silbato. Kaya nung mailabas na niya ‘yung maliit niyang silbatong ‘yun, hinipan niya ‘yun. At sa kahit sinong nakarinig na ng iyak ng kaawa-awang sanggol na usa, nakakaawa nga ‘yung, talaga. At nung hipan niya ‘yung silbato, laking gulat ko, sa mismong tapat niya, nakatayo dun ang isang malaking inahing usa. Ngayon ang . . . Ang inahin ay nanay na usa, alam n’yo. Haya’t, nakatayo ‘yung usa roon. Nanlalaki ang mala-tsokolate niyang mga mata, bawat isa’y, titig na titig, ang malalaking tainga niya’y nakaturo pataas nang *paganoon*. Kita n’yo, nasa panganib kasi ang kanyang anak.

143 At hinipan niya uli, at tumingin-tingin sa paligid 'yung usa. At lumantad siya mismo dun sa libis. Ngayon kakaiba nga 'yun, alam na alam 'yan ng kahit sinong mangangaso, kakaiba 'yun para sa isang usa. Lumantad siya dun. Kitang-kita ko 'yung mga mata niyang malalaki. Nasa kulang-kulang dalawampung yarda lang ang layo nung usa sa akin. At naisip ko, "Oh, Bert, huwag mong gawin 'yan, na papatayin mo ang kaawa-awa't minamahal na nanay na 'yan; hinahanap lang niya ang anak niya, at grabe 'yang panlilinlang mong ginawa sa kanya." At tumunog na nga noon 'yung silbato, at 'yung usa . . . Lumantad nga ito dun.

144 At itinaas na nung mangangaso 'yung gatilyo nung trenta-o-sais niyang mahabang baril, inalis sa pagkaka-lock; kasado na ang baril, alam n'yo, wala na 'yun sa pagkaka-lock.

145 At narinig 'yun nung usa. At tumingin-tingin siya sa paligid, at nakita niya 'yung mangangaso. Bumaba nang kaunti ang tainga niya. Kadalasan nakapuslit na sila kapag ganun. At wala naman siya dapat dun na nakalantad, kung tutuusin, sa ganung oras na 'yun. Pero, nakita n'yo nga, isa siyang nanay. May kung anong bagay sa kanya, siya'y, may kung anong bagay sa kanya na napaka puro, napaka. Di nga 'yun pagpapanggap. Isa siyang nanay. Ipinanganak siyang isang nanay. At ang anak nito'y nasa panganib, at inaalala nito ang anak.

146 At napatingin siya sa akin, nandidilat ang mga mata niya na parang bayawak, at pangisi-ngisi pa, sabi ko, "Bert, huwag mong ituloy 'yan. Huwag mong ituloy 'yan." Ngumisi lang siya; bumaling siya uli sa mahaba niyang baril. Oh, naku!

147 Asintado pa naman siya. At alam kong kapag tumutok na 'yung asintahan nung teleskopyo sa mismong matapat na pusong ina nung usa, tatagos nga roon 'yung bala. Kita n'yo. Kulang-kulang na dalawampung yarda lang ang layo nung usa; malaki't siyento otsentang grano—grano, siyento otsentang grano, 'yung bala na hugis-kabute pa, at magagawa nga niyang patagusin 'yung bala sa puso nung usa nang dulo sa dulo.

148 Naisip ko, "Papaano mong natitiis na maging malupit tulad n'yan, na patatagusin mo ang bala sa pusong ina nung usa na 'yan, samantalang hinahanap lang naman niya ang anak niya? Papaano mong nagagawa 'yan, Bert?" Iniisip-isip ko nga 'yun sa sarili ko. Kitang-kita kong nakaumang na nang direktso ang mga bisig niya. Di ko nga 'yun kayang tingnan. Di ko kaya. Tumulikod ako. Di ko—di ko maatim na tingnan 'yun.

149 Ang tunay na matapat na nanay na 'yun ay nakatayo roon. Hindi siya mapagkunwari. Hindi 'yun isang pagpapanggap, na parang palabas lang niya. Isa siyang nanay. Yun ang dahila't ginagawa niya 'yun. Di niya alintana ang kamatayan. Ang anak niya'y nasa panganib. Mas iniisip niya ang anak niya kaysa sa sarili niyang buhay. Sige lang at mamaril na kung mamaril ang mga mangangaso o anupaman sila; ang tapat niyang puso'y

pumipintig, sa pagiging nanay niya. Ang pagiging nanay niya sa loob niya ay tumatawag. Umiiyak ang anak niya. May kung anong bagay sa loob niya, na pumipintig, na tunay.

<sup>150</sup> At papaano ngang maaatim ng malupit na mangangasong 'yun na patagusin ang bala sa matapat niyang puso? Di ko kayang tingnan 'yun. Ibinaling ko ang ulo ko. Sa isip-isip ko, "Panginoong Diyos, huwag Mong itulot na gawin niya 'yun." Nakatayo ako nang *paganito*, di ko kayang pakinggan. . . Ayaw kong marinig 'yung putok ng baril. Sobra-sobra na 'yun. Hinintay ko.

<sup>151</sup> Hindi pumutok ang baril. At bumaling ako't tumingin, at nanginginig 'yung baril nang *paganito*. Di niya maiputok.

<sup>152</sup> Bumaling siya't tumingin sa akin, at 'yung mga mata niyang nandidilat ay nagbago. May mga luhang gumuguhit sa kanyang mga pisngi. Tumingin siya sa akin, at nanginginig ang kanyang mga labi. Inihagis niya ang baril sa may tumpok dun ng niyebe, at hinawakan niya ako sa binti ko sa pantalon. Sabi niya, "Billy, ayaw ko na nang ganito. Akayin mo ako sa Jesus na 'yun na ipinapangaral mo."

<sup>153</sup> Doon sa mismong niyebe, inakay ko siya sa Panginoong Jesus. Bakit? May nakita siyang bagay na sadya ngang tunay. (Anupa't nanggaling naman siya sa iba't ibang simbahan.) May nakita kasi siyang isang bagay na di lang pagpapanggap. May nakita siyang bagay na sadyang napaka tunay talaga.

<sup>154</sup> Mga kaibigan, marahil may mga kanya-kanya tayong mga patakaran sa simbahan at pagpapalakad sa simbahan, at mga teolohiya at kung anu-ano pa, subalit mayroon ngang isang tunay na tunay na Jesus. Sa Kanya po tayo tumuon ngayon habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo sa pananalangin.

<sup>155</sup> Habang nakayuko ang ating mga ulo, nais kong tanungin kayo ng isang katanungan; habang nakayuko ang inyong mga puso, rin naman. Ilan po sa inyo na narito ngayon, na sinasabi nilang mga Cristiano sila, pero hindi naman talaga't, sinasabi-sabi n'yo lang ito? Mangyari ngang ilan sa inyo ang nagnanais na maging Cristiano kung paanong 'yung usa na 'yun ay tunay talaga siyang ina, na magkaroon kayo ng isang tunay na bagay diyan sa loob n'yo, na mas higit na ito sa sarili n'yong buhay o anupamang pag-aari n'yo? At sasabihin n'yo, sabihin n'yo po, "Kapatid na Branham, ako'y kaanib nga sa isang iglesya. Isa akong lalaki sa pagnenegosyo, babae sa pagnenegosyo, o ano pa man, ginang ng tahanan. Pero, tunay ngang, ang maging tulad nun na tipo ng Cristiano, na maisasantabi ko ang buong sanlibutan, tatayong matatag sa gitna ng mga panlilibak o anupaman; nais kong—nais kong maging ganun, nais kong taos-pusong maging isang Cristiano, kung paanong 'yung usa na 'yun ay isa talaga siyang nanay."



156 Habang nakayuko ang inyong mga ulo, at nakapikit ang inyong mga mata. Sa harap ng Diyos, hinihiling ko sa inyo, sa Pangalan ni Cristo, sa dulo ng kapanahunang ito, maaari n'yo po bang itaas ang inyong kamay? Di ko na po kayo matatawag sa harap para dumulog sa altar, dahil wala na pong lugar dito. Pero kahit sabihin n'yo lang, "Ipanalangin mo ako, Kapatid na Branham, na ako'y maging tipo ng Cristiano kung paanong 'yung usa na 'yun ay isa talagang nanay." Pagpalain kayo ng Diyos. May mga kamay sa lahat ng dako. "Maging ganoon nga akong Cristiano."


157 Ngayon, Zaqueo, sa pagtaas mo ng kamay mo, ipinapakita lang n'yan na natagpuan na Niya kayo. Ngayon maaari ka nang dumausdos pababa ng punongkahoy na 'yan? Siya'y sasama sa tahanan mo ngayon para makapaghapon. Siya'y mananatili kasama mo sa nalalabi mo pang mga araw.

158 Makalangit na Ama, kami nga'y lubos na nagpapasalamat para sa Panginoong Jesus, sa Kanyang Presensya. At batid po namin na mayroon pong narito sa amin ngayon na nagbunsod sa mga kalalakiha't mga kababaihan dito. . . Ang ilan nga po sa kanila'y sinasabi-sabi lang nilang mga Cristiano raw sila, nang mahabang panahon. Pero may, may kung anong Bagay nga na narito ngayon na nagbunsod sa kanila; sa kabila ng sinasabi-sabi nila, maging si Zaqueo'y ganun din siya noon, pero noong dumampi ang hipo ni Cristo, kanilang itinaas ang kanilang kamay bilang patotoo na may kung anong Bagay nga sa loob nila na nag-udyok sa kanilang gawin ito. Iyo pong itulot sa kanila na malamang si Jesus nga ito. Siya'y magdaraan sa daang ito, ngayong umaga, at dumaan nga Siya.

159 Marahil, sa palagay ko, nasa mga isang daa't limampung mga kamay ang nagsipagtaas, Panginoon. Dalangin ko pong Iyong dalawin sila isa-isa, at ipagkaloob sa kanila ang realidad kung paano bang maging tunay na Cristiano. At kahit nga sa kabila ng pagpursigi ng sanlibutan na pahinain ang loob namin, at kahit na gaano pang pinahihina ng ibang tao ang loob namin, nawa'y mabatid namin na isa itong pakikibaka para makaabot Doon. May pagsisikap dapat kaming ipakita. Pero kapag nakadugtong na kami dun sa Bagay na 'yun na may katunayan, realidad, binabago kami Nito. Dalangin ko na Iyo pong baguhin ang bawat puso, Panginoon, at ilagay ang lahat sa Makalangit na Presensya, sa oras na ito. Iyo pong ilagay ang Espiritu Santo sa buhay nila, upang maging Cristiano sila kung paanong ang nanay na usang 'yun ay isang tunay na nanay nga. Ipinanganak siyang nanay. At nawa sila'y maipanganak din sa Espiritu ng Diyos, at maging tunay na tagasunod ni Jesus Cristo. Makababa na sana sila sa kani-kanilang mga puno ng sikamoro sa oras na ito. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Nawa'y sumama Ka sa bawat isa sa amin sa pag-uwi namin sa tahanan, at doo'y lumagi Ka hanggang sa panahong darating

Ka na't kukunin na kami sa aming Walang Hanggang Tahanan. Amin nga itong idinadalangin sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>160</sup> Salamat, nang mabuti. Pagpalain kayo ng Panginoon. Pinatagal ko kayo. Dapat sana'y tapos na ako rito ng alas diyes. Sampung minuto na bago mag-alas onse.

<sup>161</sup> Umaasa akong ang Diyos sa kakaunti't payak na pananalitang ito, na parang kakaba-kaba't naliligalig, nawa'y mailagay nga ito sa puso n'yo. Tandaan n'yo, may bagay ngang tunay kay Cristo. Pagpalain kayo ng Diyos. Sige po. 

*SIYA'Y MAGDARAAN SA DAANG ITO* TAG64-0321B

(He Was To Pass This Way)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Sabado ng umaga, Marso 21, 1964, para sa agahang pagtitipon ng Full Gospel Business Men's Fellowship sa The Supper Club sa Baton Rouge, Louisiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2018 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)